# Sapagkat tunay na sapat na para sa iyo ang paglagay mo ng tubig sa palad mo para sa ulo mo, nang tatlong palad ,Pagkatapos ay ibuhos mo ito sa iyong [katawan] ang tubig,at magiging dalisay ka

Ayon kay Umm Salamah-malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: O Sugo ni Allah! Ako ay isang babaing hinihigpitan ko ang pusod [ng buhok ko] sa aking ulo,kakalagan ko ba ito sa pagligo dahil sa pagtatalik [ at sa isang salaysay: at regla]? Nagsabi siya:(( Hindi! Sapagkat tunay na sapat na para sa iyo ang paglagay mo ng tubig sa palad mo para sa ulo mo, nang tatlong palad ,Pagkatapos ay ibuhos mo ito sa iyong [katawan] ang tubig,at magiging dalisay ka))"
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinapaalam ni Umm Salamah-malugod si Allah sa kanya-na pinupusod nito ang buhok sa ulo niya,pagkatapos ay nagtanong siya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-tungkol sa pamamaraan ng pagligo mula sa hadath na malaki [pagligo dahil sa pagregla at pakikipagtalik] kung nararapat ba sa kanya na paghiwa-hiwalayin nito ang buhok niya upang umabot ang tubig sa kailaliman nito,o hindi na nararapat ang pagpapahiwalat rito? Nagsabi siyang: (( Hindi! Sapagkat tunay na sapat na para sa iyo ang paglagay mo ng tubig sa palad mo para sa ulo mo nang tatlong palad))" Ibig sabihin ay:Hindi ito obligado sa iyo,subalit sapat na sa iyo na buhusan mo ng tubig ang ulo mo,gamit ang palad mo ,na puno [ng tubig] ng tatlong beses,na may kasamang pag-aakala na umabot ito sa ugat ng buhok,umabot man ito ilalim ng buhok o hindi umabot;sapagkat kung isinasatungkulin ang pag-abot nito hanggang sa ilalim nito,nararapat sana ang pagkalag nito upang malaman kung umabot ba ang tubig rito o hindi umabot."tatlong palad" Hindi ipinapahiwatig sa [pagsasabi ng] tatlong palad,ang paglimitado, subalit ang kinakailangan ay umabot ang tubig sa ugat ng buhok,at kapag umabot na ito sa unang beses,ang tatlong beses ay magiging sunnah,at kapag hindi naman ito umabot,ang pagdadagdag ay inoobliga,hanggang sa umabot ito sa ugat nito na may kasamang kasapatan nito." Pagkatapos ay ibuhos mo sa iyong [katawan] ang tubig" Ibig sabihin ay ibuhos mo ang tubig sa buo mong katawan,at sa hadith ni `Aishah-malugod si Allah sa kanya-:" Pagkatapos ay ibuhos mo sa iyong ulo ang tubig" "magiging dalisay ka" at sa isang salaysay ni Abe Dawud at sa iba nito: "Kung ganoon,tunay na ikaw ay naging dalisay" Ibig sabihin: mula sa hadath na malaki na nangyari sa iyo. At sa kabuuan: Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbigay sa kanya ng fatwa na hindi inoobliga sa kanya na kalagan ang buhok sa ulo niya upang maligo [dahil sa] pakikipagtalik at regla,at sa halip ay sapat na para sa kanya na kumuha ng tubig gamit ang kanyang palad at [ibuhos] sa ulo niya ang tatlong kulong ng palad na puno [ng tubig],at ikalat sa buong

katawan niya ang tubig,at sa ganoon ay nakapagdalisay siya mula sa malaking hadath

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10030